

Jones v. City of Los Angeles

Numero ng Kaso BC577267

**May mga Kustomer ng Los Angeles Department of Water and Power
na Maaaring Mag-Claim ng mga Benepisyo sa Settlement**

Maaaring Maapektohan ang Inyong Karapatan ng Settlement sa Class Action na Ito

Ang Class Notice na ito ay awtorisado ng Korte. Hindi ito patalastas ng isang abogado.

Si quisiera obtener un formulario de reclamo, notificación o copias de su(s) carta(s) en español, visite el sitio web del arreglo en www.ladwpbillingsettlement.com, o comuníquese con el Administrador de reclamos en el 1-844-899-6219.

만약 클레임 양식, 공지서 또는 본 편지 사본을 한국어로 받기 원하신다면, 합의관련 웹사이트인 www.ladwpbillingsettlement.com을 방문하시거나 클레임 관리자에게 1-844-899-6219로 전화 주십시오.

如果您想獲取一份中文的索賠表格、通知書或您的信件副本，請訪問結算網站 www.ladwpbillingsettlement.com，或者打電話聯繫‘索賠管理員’，電話號碼 1-844-899-6219。

Néu quý vị muốn có một mẫu đơn đòi, thông báo hay bản sao (các) thư từ của quý vị bằng tiếng Việt, xin đến trang mạng dàn xếp tại www.ladwpbillingsettlement.com, hoặc liên lạc với Quản Trị Viên Đơn Đòi tại số 1-844-899-6219.

Kung nais ninyong makakuha ng isang claim form, paunawa o mga kopya ng inyong (mga) liham sa Tagalog, bisitahin po lamang ang settlement website sa www.ladwpbillingsettlement.com, o kausapin ang Claims Administrator sa 1-844-899-6219.

- Nilutas ng Settlement ang kasong isinampa na may kaugnayan sa mga reklamo tungkol sa sobrang pagsingil sa mga kustomer at iba pang mga pagkakamali sa pagsingil ng Los Angeles Department of Water and Power (“LADWP”) na siyang dulot ng, at may kaugnayan sa, depektibong pagsasagawa ng bagong sistema ng pagsingil ng LADWP at/o pinsalang naranasan ng mga kustomer sa kanilang pagsali sa solar incentive program ng LADWP.
- Kung kayo ay isang kustomer ng LADWP na siyang nasobrahan ng singil para sa mga serbisyo sa kuryente, tubig, sewage o sanitation o kaya ay napinsala sa iba pang pamamaraan sa pagitan ng mga petsa ng ika-3 ng Septiyembre, 2013 at ika-30 ng Disyembre, 2016, at siyang may karapatan sa mga credit o refund para sa mga serbisyo ng kuryente, tubig, sewage o sanitation at/o para sa pagsali sa solar incentive program ng LADWP mula ika-13 ng Pebrero, 2010, maaaring kuwalipikado kayo para makatanggap ng mga benepisyo sa Settlement.

Maingat na basahin ang Paunawang ito dahil maaaring maapektohan ang inyong legal na karapatan.

BUOD NG MAHAHALAGANG MGA PETA SA AT HULING ARAW

Pangyayari	Petsa
Panimulang Pagsang-ayon	Ika-30 ng Disyembre, 2016
Petsa ng Class Notice	Ika-4 ng Abril, 2017
Huling Araw Para Magsumite Ng Isang Claim Form (para sa lahat ng mga Miyembro ng Settlement Class maliban ang mga Kustomer ng Field Work)	Ika-5 ng Hunyo, 2017
Huling Araw Para Magsumite Ng Isang Claim Form (para sa mga Kustomer ng Field Work)	60 araw simula ng petsa na nasa liham ng Pagpapasiya na base sa Field Work
Huling Araw Para Alisin ang Sarili sa Settlement	Ika-5 ng Hunyo, 2017
Huling Araw Para Tumanggi	Ika-5 ng Hunyo, 2017
Huling Araw Para Humiling Ng Pagsusuri Ng Special Master (para sa mga Paunang Kinilalang mga Miyembro ng Class na mga Walang Claim)	Ika-4 ng Mayo, 2017
Huling Araw Para Humiling Ng Pagsusuri Ng Special Master (para sa mga Paunang Kinilalang mga Miyembro ng Class na Mayroong mga Claim, Mga Miyembro ng Omnibus Class)	30 araw simula ng petsa ng liham na pagpapasiya tungkol sa claim
Huling Araw Para Humiling Ng Pagsusuri Ng Special Master (para sa mga Kustomer ng Field Work)	30 araw simula ng petsa ng liham na pagpapasiya tungkol sa claim
Huling Araw Para Tutulan ang Pagpapasiya ng Special Master (para sa lahat ng mga Miyembro ng Settlement Class na humiling ng isang pagsusuri ng Special Master)	30 araw simula ng petsa ng liham na pagpapasiya ng Special Master
Huling Araw Para Mag-File ng Paunawa ng Pagdalo	Ika-5 ng Hunyo, 2017
Pinakahuling Pag-apruba	Ika-7 ng Hulyo, 2017 sa 9:00 n.u.

KABILANG SA INYONG MGA LEGAL NA KARAPATAN AT MGA OPSIYON SA SETTLEMENT NA ITO AY:

Tumanggap ng mga benepisyo sa settlement - maaaring pangunahin kayong kilalanin bilang isa sa mga tatanggap ng mga benepisyo sa Settlement, at kung ganoon nga ang kaso, ay wala na kayong iba pang kinakailangang gawin upang matanggap ang inyong credit o refund. Karagdagan pa dito, kung kayo ay hindi pangunahing kinilala, maaari kayong magsumite ng isang Claim Form, na siyang kasama sa Class Notice na ito at matatagpuan rin sa www.ladwpbillingsettlement.com, upang malaman kung kayo ay kuwalipikado para sa mga benepisyo sa Settlement. Ang huling araw para isumite ang Claim Form na ito ay ang ika-5 ng Hunyo, 2017.

Alisin ang Sarili - Sumulat sa Claims Administrator kung hindi ninyo ninanais na maging kabilang sa Settlement. Mayroon lamang kayong karapatan na hindi sumali sa Settlement kung kayo ay isang miyembro ng Settlement Class at hindi ninyo tinututulan ang Settlement. Ang huling araw para alisin ang inyong sarili ay ang ika-5 ng Hunyo, 2017.

Tumutol - Sumulat sa Claims Administrator kung hindi kayo sumasang-ayon sa Settlement. Base sa nakalagay sa mga Sagot para sa mga Tanog na 16 hanggang 19 sa ibaba, maaari kayong dumalo sa isang hearing upang mapaghusgahan ang pagka-makatarungan ng Settlement matapos na magbigay ng nararapat na abiso. Mayroon lamang kayong karapatan na tumutol sa Settlement kung kayo ay isang miyembro ng Settlement Class at hindi pa ninyo inalis ang inyong sarili sa pagiging kabilang sa Settlement. Ang huling araw para magsumite ng pagtutol ay ang ika-5 ng Hunyo, 2017.

Ang mga karapatan at opsiyon na ito – **at ang mga huling araw na kung kailan ang mga ito ay dapat isakatuparan** – ay mas lubusang ipinapaliwanag sa Class Notice na ito.

Nagbigay ng Pangunahing Pag-apruba sa Settlement ang Korteng nangangasiwa sa kasong ito, ngunit hindi pa ito nakapagpasiya kung ibibigay nito ang kanyang Pinakahuling Pag-apruba. Ang Hearing para sa Pinakahuling Pag-apruba ay gaganapin sa ika-7 ng Hulyo, 2017 sa 9:00 n.u. Ang mga benepisyo sa Settlement ay ipamamahagi lamang kung, at pagkatapos lamang ng, pagbigay ng Korte ng kanyang Pinakahuling Pag-apruba sa Settlement at ang anumang mga appeal ay nalutas na.

ANO ANG NILALAMAN NG CLASS NOTICE NA ITO

	<u>Pahina</u>
PANGUNAHING IMPORMASYON	3
1. Bakit mayroong Class Notice na ito?	3
2. Tungkol sa ano ang demanda na ito?	3
3. Bakit mayroong class action?	3
4. Bakit mayroong Settlement?	3
SINO-SINO ANG MGA KABILANG SA SETTLEMENT?	3
5. Papaano ko malalaman kung bahagi ako ng Settlement?	3
6. Mayroon bang mga eksepsiyon sa pagiging kabilang sa Settlement?	3
7. Papaano kung hindi ako sigurado kung kabilang ako sa Settlement?	3
ANG MGA BENEPISYO SA SETTLEMENT:	
ANO ANG INYONG TATANGGAPIN AT PAPAANO NINYO ITO MATATANGGAP	3
8. Ano ang ibibigay ng Settlement?	3
9. Papaano ako magsusumite ng isang Claim Form?	5
10. Anu-ano ang mga claim na isusuko ko?	5
ANG MGA ABOGADONG KUMAKATAWAN PARA SA MGA NAGDEDEMANDA	6
11. Mayroon ba akong abogado para sa kasong ito?	6
12. Papaano mababayaran ang mga abogado?	6
PAGHANAP NG ISANG INDEPENDIYENTENG PAGSUSURI NG SPECIAL MASTER	6
13. Ano ang dapat kong gawin kung hindi ako sumasang-ayon sa halaga ng credit o ng refund na ayon sa pagpapasiya ay dapat ibigay sa akin?	6
ANG PAG-ALIS NG INYONG SARILI SA SETTLEMENT	7
14. Ano ang dapat kong gawin kung ayaw kong maging kabilang sa Settlement?	7
15. Ano ang mangyayari kung hindi ko tinanggal ang aking sarili bago sumapit ang ika-5 ng Hunyo, 2017?	7
ANG PAGTUTOL SA SETTLEMENT	7
16. Papaano ko masasabihan ang Korte na hindi ako nasisiyahan sa Settlement?	7
17. Kailan/saan magdedesisyon ang Korte kung kanya bang aaprubahan o hindi ang Settlement?	8
18. Kinakailangan ko bang dumalo sa hearing?	8
19. Maaari ba akong magsalita sa hearing?	8
20. Papaano ako makakakuha ng karagdagan pang impormasyon?	8

PANGUNAHING IMPORMASYON

1. Bakit mayroong Class Notice na ito?

GINAWA NG KORTE ANG CLASS NOTICE NA ITO DAHIL MAYROON KAYONG KARAPATAN NA MALAMAN ANG TUNGKOL SA IMINUMUNGKAHING SETTLEMENT PARA SA ISANG CLASS ACTION NA KASO NA PANGUNAHING INAPRUBAHAN NG KORTE. KARAPAT-DAPAT DIN NINYONG MALAMAN KUNG PAPAANO KAYO GUMAWA NG CLAIM PARA SA ILAN SA MGA BENEPISYO NG SETTLEMENT AT TUNGKOL SA LAHAT NG INYONG MGA OPSYON SA ILALIM NG SETTLEMENT. KUNG NAGBIGAY ANG KORTE NG KANYANG PINAKAHULING PAG-APRUBA AT ANG LAHAT NG MGA APPEAL, KUNG MAYROON MAN, AY NALUTAS NA, ANG MGA MAHAHALAGANG BENEPISYO AY IPAMAMAHAGI SA MGA KUWALIPIKADONG MIYEMBRO NG CLASS.

2. Tungkol sa ano ba ang kasong ito?

ANG TAO NA NAGSAMPA NG CLASS ACTION NA ITO AY TINATAWAG NA "PLAINTIFF" (NAGSASAKDAL) AT ANG LUNGSOD NG LOS ANGELES, SA PAMAMAGITAN NG LADWP, AY ANG "DEFENDANT" (NAGTATANGGOL). ANG KASO NA NAKA-FILE SA SUPERIOR COURT NG CALIFORNIA, NA TINATAWAG NA *Jones v. City of Los Angeles*, Case No. BC577267, AY NAGREREKLAMO AY SOBRA DAW ANG PAGKAKASINGIL NG LADWP SA KANYANG MGA KUSTOMER O KAYA AY NAKARANAS NG IBA PANG MGA PAGKAKAMALI SA PAGINGIL AT ITO AY DULOT NG, AT MAY KAUGNAYAN SA, DEPEKTIBONG PAGSASAGAWA NG BAGONG SISTEMA NG CUSTOMER CARE AND BILLING NG LADWP (ANG "CC&B NA SISTEMA") AT ANG MGA PINSALANG NARANASAN NG MGA KUSTOMER AY BILANG RESULTA NG PAGSALI SA SOLAR INCENTIVE PROGRAM NG LADWP. KABILANG SA MGA CLAIM NG PLAINTIFF AY, BUKOD SA IBA PA, ANG MGA CLAIM DAHIL SA PANLOLOKO, PABAYANG KASINUNGALINGAN, PAGLABAG NG KONTRATA, HINDI MAKATARUNGAN PAGPAPAYAMAN, AT MGA PAGLABAG SA CALIFORNIA CONSUMER LEGAL REMEDIES ACT AT ANG CALIFORNIA UNFAIR COMPETITION LAW. MAY KARAGDAGAN PANG MGA IMPORMASYON NA MATATAGPUAN SA [WWW.LADWPBILLINGSETTLEMENT.COM](http://www.ladwpbillingsettlement.com), SA PAMAMAGITAN NG PAGTAWAG SA 1-844-899-6219, O SA PAGSULAT SA CLASS COUNSEL: JACK LANDSKRONER, ESQ., LANDSKRONER GRIECO MERRIMAN, LLC, 1360 WEST 9TH STREET, SUITE 200, CLEVELAND, OHIO 44113. ANG ISANG KOPYA NG KASUNDUAN SA SETTLEMENT AY MATATAGPUAN SA [WWW.LADWPBILLINGSETTLEMENT.COM](http://www.ladwpbillingsettlement.com), AT ITO AY NAKA-FILE DIN SA KORTE.

3. Bakit mayroong class action?

SA ISANG CLASS ACTION, ANG ISA O MAHIGIT PANG (MGA) TAO NA TINATAWAG NA MGA CLASS REPRESENTATIVE AY NAGDEDEMANDA SA NGALAN NG KANILANG SARILI AT PATI NA RIN PARA SA IBA PANG MGA TAO NA MAYROONG KATULAD NA MGA CLAIM. ANG LAHAT NG MGA TAONG ITO NA PINAGSAMA-SAMA AY TINATAWAG NA "CLASS." PARA SA LAYUNIN NG SETTLEMENT NA ITO, NAGTALAGA ANG KORTE NG ILANG MGA PLAINTIFF BILANG ANG MGA CLASS REPRESENTATIVE. ANG "MGA MIYEMBRO NG SETTLEMENT CLASS" AY ANG LAHAT NG MGA KUSTOMER NG LADWP NA NASOBRAHAN NG SINGIL PARA SA KANILANG MGA SERBISYO SA KURYENTE, TUBIG, SEWAGE O SANITATION SA PAGITAN NG MGA PETA SA IKA-3 NG SEPTIYEMBRE, 2013 AT IKA-30 NG DISYEMBRE, 2016, AT SIYANG MAY KARAPATANG MAKATANGGAP NG MGA CREDIT O REFUND PARA SA MGA SERBISYO SA KURYENTE, TUBIG, SEWAGE O SANITATION AT/O PARA SA PAGSALI SA SOLAR INCENTIVE PROGRAM NG LADWP MULA NOONG IKA-13 NG PEBRERO, 2010.

4. Bakit mayroong Settlement?

HINDI HUMUSGA ANG KORTE NA PABOR PARA SA ALINMAN SA PLAINTIFF O SA DEFENDANT. SA HALIP AY NAGKASUNDO ANG DALAWANG PARTIDO SA ISANG SETTLEMENT. NANINIWALA ANG MGA CLASS REPRESENTATIVE AT ANG MGA ABOGADO NA HINIRANG NG KORTE UPANG MAGING KINATAWAN NG SETTLEMENT CLASS NA ANG SETTLEMENT AY NASA PINAKAMABUTING INTERES NG LAHAT NG MGA MIYEMBRO NG SETTLEMENT CLASS.

SINO-SINO ANG MGA KABILANG SA SETTLEMENT?

5. Papaano ko malalaman kung bahagi ako ng Settlement?

MAAARING KUWALIPIKADO KAYO SA MGA BENEPISYO NG SETTLEMENT KUNG KAYO AY ISANG KUSTOMER NG LADWP NA NASOBRAHAN NG SINGIL PARA SA MGA SERBISYO SA KURYENTE, TUBIG, SEWAGE O SANITATION O KAYA AY NAPINSALA SA ANUMANG PARAAN DAHIL SA MGA PAMAMARAAN NG PAGINGIL SA PAGITAN NG MGA PETA SA IKA-3 NG SEPTIYEMBRE, 2013 AT IKA-30 NG DISYEMBRE, 2016, AT/O PARA SA PAGSALI SA SOLAR INCENTIVE PROGRAM NG LADWP MULA NOONG IKA-13 NG PEBRERO, 2010.

6. Mayroon bang mga eksepsiyon sa pagiging kabilang sa Settlement?

ANG MGA HINDI KABILANG SA CLASS AY ANG HUWES NA KUNG SAAN ANG KASO AY ITINALAGA, ANG SINUMANG MGA MIYEMBRO NG AGARANG PAMILYA NG HUWES, AT ANG ALINMAN SA MGA COUNSEL NA KAUGNAY DITO.

7. Papaano kung hindi ako sigurado kung kabilang ako sa Settlement?

KUNG HINDI KAYO SIGURADO KUNG KABILANG KAYO SA SETTLEMENT CLASS O HINDI, MAAARI NINYONG BISITAHIN ANG [WWW.LADWPBILLINGSETTLEMENT.COM](http://www.ladwpbillingsettlement.com) PARA SA KARAGDAGAN PANG IMPORMASYON, O KAYA AY TUMAWAG SA 1-844-899-6219, AT HUMINGI DOON NG TULONG.

ANG MGA BENEPISYO SA SETTLEMENT:

ANO ANG INYONG TATANGGAPIN AT PAPAANO NINYO ITO MATATANGGAP

8. Ano ang ibibigay ng Settlement?

BINIBIGYAN KAYO NG SETTLEMENT NG DALAWANG URI NG KAGINHAWAHAN: (i) kaginhawahang lunas sa pamamagitan ng salapi at (ii) kaginhawahang lunas na hindi salapi.

i. Kaginhawahang Pananalapi

Ang mga Miyembro ng Settlement Class na miyembro ng isa o mahigit pang mga pitong Subclass na sumusunod ay maaaring may karapatan sa kaginhawahang pananalapi para sa bawat isang grupo na sila ay bahagi:

- **Sobra ang Singil**: Kabilang sa grupo na ito ang lahat ng mga kustomer ng LADWP na nasobrahan ng pagkakasingil dahil sa hind tamang rate ng pagsingil, hindi tamang dami ng paggamit, hindi tamang rate ng buwis sa utility o yung mga hindi nabigyan ng diskuwento.
- **Hindi Tama ang Singil**: Kabilang sa grupo na ito ang lahat ng mga kustomer ng LADWP na nakatanggap ng singil na hindi tama, kabilang na rito ang, ngunit hindi limitado sa, mga singil bilang resulta ng huling pagbayad (“late fees”), mga singil upang muling mai-konekta ang serbisyo at/o mga singil para makapagsimula ng serbisyo.
- **Mga Balanseng Hindi Naisauli**: Kabilang sa grupo na ito ang lahat ng mga kustomer ng LADWP na: (i) mayroong “Saradong Account” na may credit na balanse sa loob nito at (ii) nararapat na tumanggap ng perang isasauli sa kanila na hindi ibinigay ng LADWP sa panahon ng ika-3 ng Septyembre, 2013 hanggang sa ika-30 ng Disyembre, 2016.
- **Solar**: Kabilang sa grupo na ito ang lahat ng mga kustomer ng LADWP nagpalagay ng mga sistema ng solar at nag-apply para makasali sa Solar Photovoltaic Incentive Program simula noong ika-13 ng Pebrero, 2010 hanggang sa kasalukuyan, at: (i) nakaranas ng pagkaantala nang mahigit sa 30 araw matapos magsumite ng isang kumpletong Incentive Application and Supporting Documentation at/o hudyat na ang sistema ng solar ay lubos na pinahihintulutan at handa na para sa inspeksiyon sa pagtanggap ng isang kumpirmasyon sa pagkakarserba at/o ng pagkonekta ng solar na sistema; at/o (ii) hindi nasingil para sa enerhiyang nagamit at/o nabuo; at/o (iii) hindi nabigyan ng credit para sa labis na enerhiyang nabuo ng sistema ng solar ng kustomer.

*Kung kayo ay bahagi ng mga grupo na **Sobra ang Singil, Hindi Tama ang Singil, Mga Balanseng Hindi Naisauli at/o Solar**, kinilala na kayo ng LADWP at ang liham na kasama ng Class Notice na ito ay nagsasabi sa inyo ng kung magkaano ang halaga ng sobrang pagkakasingil sa inyo.*

Upang matanggap ang 100% ng halagang iyon, wala na kayong iba pang kinakailangang gawin.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa halagang nabanggit, kinakailangan ninyong humiling ng pagsusuri ng isang Special Master sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang nakasulat na kahilingan para sa isang pagsusuri sa Claims Administrator. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng Special Master, maaari kayong mag-appeal sa Korte. Tingnan ang Tanong 13.

Kung naniniwala kayo na mayroon kayong karagdagang mga pinsala na mahigit pa doon sa mga nabanggit na, kinakailangan ninyong magsumite ng isang Claim Form, na siyang kasama ng Class Notice na ito. Tingnan ang Tanong 9.

- **Kundisyon sa Kinalalagyan (“Premise Condition”)/Pagsingil na Tinantiya**: Kabilang sa grupo na ito ang lahat ng mga kustomer ng LADWP na: (i) hindi alam ng kustomer na mayroong isang kundisyon sa kinalalagyan na naging sanhi ng sobrang paggamit ng tubig at/o kuryente; (ii) nakatanggap ng mga tinantiyang pagsingil para sa mahigit sa isang panahon ng pagsingil makalipas ang ika-3 ng Septyembre, 2013; (iii) ang mga tinantiyang singil na ito ang naging dahilan kung bakit hindi kaagad nadiskubre ang kundisyon sa kinalalagyan sa isang napapanahong pamamaraan; at (iv) ang resultang singil ay para sa napasobrang dami ng tubig, kuryente o sewage dahil sa hindi tamang situwasyon.
- **Awtomatikong Pagbabayad ng Singil (“Automatic Bill Payment”)/Overdraft na Singil ng Bangko (“Bank Overdraft Charge”)**: Kabilang sa grupo na ito ang lahat ng mga kustomer ng LADWP na: (i) gumagamit ng isang plano mula sa bangko para sa awtomatikong pagbabayad ng singil at (ii) nakatanggap ng overdraft na singil mula sa bangko dahil mali ang halagang siningil ng LADWP sa kustomer, na siyang nagresulta ng hindi sapat na perang naglalaman sa bank account ng kustomer para makapagbayad sa singil.

*Kung kayo ay bahagi ng mga grupo na **Kundisyon sa Kinalalagyan/Pagsingil na Tinantiya at/o Awtomatikong Pagbabayad ng Singil/Overdraft na Singil ng Bangko**, kinilala na kayo ng LADWP at ang liham na kasama ng Class Notice na ito ay nagsasabi sa inyo na kayo ay miyembro ng (mga) Subclass na ito.*

*Gayunpaman, malalaman lamang ng LADWP ang halaga ng pinsala na inyong naranasan kapag kayo ay nagsumite ng isang Claim Form, na siyang kasama ng Class Notice na ito. **Kinakailangan kayong magsumite ng isang Claim Form.** Kung naniniwala kayo na mayroon kayong karagdagan pang mga pinsala (maliban sa sobrang pagkakasingil) na bilang resulta ng awtomatikong pagbabayad ng singil/overdraft na singil ng bangko, kinakailangan ninyong isama ang mga pinsalang ito sa Claim Form. Tingnan ang Tanong 9.*

Base sa inyong Claim Form, ang LADWP ang magpapasiya ng halaga na dapat ninyong matanggap. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa halagang nabanggit, kinakailangan ninyong humiling ng pagsusuri ng isang Special

Master. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng Special Master, maaari kayong mag-appeal sa Korte. Tingnan ang Tanong 13.

- **Omnibus:** Kabilang sa grupo na ito ang lahat ng mga kustomer ng LADWP na hindi kinilala bilang mga miyembro ng isa sa mga Subclass na nakalista sa itaas ngunit naniniwala sila na ay: (i) hindi tama ang natanggap na singil na may kaugnayan sa serbisyo sa kanilang kuryente, tubig, sewage o sanitation sa anumang panahon simula noong ika-3 ng Septiyembre, 2013 hanggang sa ika-30 ng Disyembre, 2016, na hindi sakop ng alinman sa mga Subclass na nakalista dito; o (ii) sa ibang paraan ay napinsala dahil sa kanilang pagsali sa solar incentive program ng LADWP sa anumang panahon simula noong ika-13 ng Pebrero, 2010 hanggang sa ika-30 ng Disyembre, 2016.

Kung bahagi kayo ng grupo na ito, ang ibig sabihin ay hindi kayo nakilala ng LADWP bilang isang miyembro ng isa sa mga Subclass na nakalista sa itaas. Sinasabihan kayo ng liham na kasama ng Class Notice na ito na gayunpaman ay maaari pa rin kayong magsumite ng isang Claim Form, na siyang kasama ng Class Notice na ito.

Base sa inyong Claim Form, ang LADWP ang magpapasiya ng halaga na dapat ninyong matanggap. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa halagang nabanggit, kinakailangan ninyong humiling ng pagsusuri ng isang Special Master. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng Special Master, maaari kayong mag-appeal sa Korte. Tingnan ang Tanong 13.

Kung kayo ay isang Field Work na Kustomer, mayroong isang gaganaping field work na imbestigasyon na nangangailangan ng karagdagan pang imbestigasyon ng mga kundisyon ng ari-arian na maaaring naging sanhi ng kung bakit kayo ay nasobrahan ng singil o kaya ay nakaranas ng iba pang mga pagkakamali sa pagsingil o mga pananalaping pinsala. Oras na makumpleto na ang field work na imbestigasyon, sasabihan kayo ng LADWP, sa pamamagitan ng liham, ng kanyang desisyon na may kaugnayan sa imbestigasyon na ito.

Kung kayo ay isang Field Work ng Kustomer, kinakailangan kayong magsumite ng isang Claim Form matapos makatanggap ng liham na nagsasabi sa inyo ng desisyon ng LADWP. Base sa inyong Claim Form, ang LADWP ang magpapasiya ng halaga na dapat ninyong matanggap. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa halagang nabanggit, kinakailangan ninyong humiling ng pagsusuri ng isang Special Master. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng Special Master, maaari kayong mag-appeal sa Korte. Tingnan ang Tanong 13.

ii. Kaginhawahang Lunas na Hindi Salapi

Nagbibigay din ang Settlement ng kaginhawahang lunas na hindi salapi, kabilang ang: (i) pagbuo at pag-angkin ng ilang mga sukatan ng sistema ng paniningil; (ii) paghirang ng isang independiyenteng dalubhasa sa pagmamasiid sa sistema ng paniningil; (iii) pag-audit ng sistema ng paniningil ng LADWP upang masiguro ang kanyang pagiging tumpak; (iv) pagbuo at pagsasagawa ng isang pangkat sa LADWP upang masagot ang mga kakaiba at mahihirap na maunawaang mga problema sa pagsingil; (v) pag-angkin ng isang pagbabago sa Mga Batas na Namamahala sa Serbisyo sa Tubig at Kuryente upang makapagbigay ng mas maikling panahon na kung saan ang LADWP ay maaring kumolekta ng bayad sa mga kustomer na ang mga singil ay naantala dahil sa mga pagkakamali sa singil; (vi) pagbuo at pagsasagawa ng isang impormasyong teknolohiyang Opisina ng Pamamahala ng Proyekto; at (vii) pagsasaayos ng kabayaran para sa mga kustomer na may mga nakalipas na singil na dapat pang bayaran, binibigyan sila nang hanggang sa 4 na taon para mabayaran ang mga nakalipas na singil na hindi pa nababayaran nang walang parusa o interes, sa magkakatumbas na buwanang hulugan, hangga't nananatiling parating bayad ang inyong pinakahuling singil. Kung kayo ay nasa isang plano na ng pagbabayad, maaaring pahabain ang plano nang isang taon.

9. Papaano ako magsusumite ng isang Claim Form?

May Claim Form na kasama sa Class Notice na ito. Maaari ring makakuha ng Claim Form sa online sa www.ladwpbillingsettlement.com, sa pagtawag sa 1-844-899-6219 o sa pamamagitan ng pagsulat sa Claims Administrator sa address na nakasulat sa ibaba. Ang mga nakumpletong Claim Form ay maaaring isumite sa online sa www.ladwpbillingsettlement.com o sa pamamagitan ng regular na koreo sa:

Tagapangasiwa ng Kasunduan sa
Claim Laban sa Pagsingil ng LADWP
P.O. Box 43449
Providence, Rhode Island 02940-3449

10. Anu-ano ang mga claim na isinusuko ko?

Kung kayo ay isang Miyembro ng Settlement Class, at hindi ninyo inalis ang inyong sarili sa Settlement Class, kapag naaprubahan na ang Settlement sa pinakahuling beses, pakakawalan ninyo ang Defendant at ang kanyang mga kagawaran at kawanihan sa lahat ng mga pananagutan para sa lahat ng mga claim na may kaugnayan sa kasong ito, at kayo ay obligadong sundin ang pagsuko na kasama sa Kasunduan sa Settlement. May kopya ng Kasunduan sa Settlement na may nilalaman ng pagsuko na matatagpuan sa www.ladwpbillingsettlement.com.

ANG MGA ABOGADONG KUMAKATAWAN SA PLAINTIFF

11. Mayroon ba akong abogado para sa kasong ito?

Oo. Si Jack Landskroner Esq. ng Landskroner Grieco Merriman, LLC, 1360 West 9th Street, Suite 200, Cleveland, Ohio 44113 (Class Counsel) at si Michael J. Libman, Esq. ng Law Offices of Michael J. Libman, 18321 Ventura Blvd., Ste. 700, Tarzana, CA 91436 (Liaison Counsel) ay hinirang ng Korte para maging kinatawan sa inyo at sa iba pang mga Miyembro ng Settlement Class. Kung ninanais ninyo na ang sarili ninyong abogado ang maging inyong kinatawan, maaari kayong kumuha ng isa sa inyong sariling gastos.

12. Papaano mababayaran ang mga abogado?

Sa Hearing para sa Pinakahuling Pag-apruba, hihiling sa Korte ang Class Counsel ng mga bayad sa abogado ng halagang hindi lalapas sa \$19,000,000 at mabigyan din ng pera bilang pagbawi sa mga gastos na natamo sa kanilang pagsasakdal ng kasong ito ng halagang hindi lalapas sa \$3,000,000 (ang mga perang mababawi para sa mga gastos na natamo ng Independiyenteng CC&B na Dalubhasa sa Pagmamasid ng Sistema ay hindi lalapas sa halagang \$2,500,000 at ang mababawing halaga para sa mga gastos na natamo ng lahat ng mga counsel para sa Plaintiff ay hindi lalapas sa \$500,000). Ang mga singil at mga perang mababawi para sa mga gastos ay malalaman ng Korte base sa trabahong ginawa ng Counsel na tumulong upang maisakatuparan ang settlement na ito para sa Class at sa kanilang pagpapadali ng pagpatakbo nito. Ang lahat ng mga singil na may kaugnayan sa bagay na ito ay hihilingin sa pamamagitan ng pag-apply sa Korte base sa mga pagpupunyagi counsel. Walang mga kasunduan na “mag-hati-hati sa bayad” sa pagitan ng iba’t ibang mga counsel na may kaugnayan sa bagay na ito, gayunpaman, sumang-ayon ang law firm ng Knapp, Petersen & Clark na makipag-tulungan sa Class Counsel, Landskroner Grieco Merriman, upang makatulong sa pagsagot sa mga tanong at upang makilala at matulungan ang mga kustomer ng solar sa pag-proseso ng kanilang mga claim. Sumasang-ayon ang firm ng Knapp, Petersen & Clark na base sa trabaho na kanilang ginawa at ipagpapatuloy na gawin para sa kabutihan ng mga kustomer ng solar, ang singil na i-a-apply ng Knapp sa Korte ay hindi hihigit sa \$1,999,999 ng mga singil na ini-apply at/o ipinagkalooban sa Class Counsel sa Pinakahuling Pag-apruba. Kung ang Korte ay nagkaloob nga ng mga bayad para sa mga abogado at ng pagbawi ng mga pera para sa mga gastos na natamo, pumapayag ang Defendant na sila ang magbabayad ang anumang mga halagang ipinagkaloob ng Korte.

Karagdagan pa dito, sumasang-ayon ang mga Partido na ang Class Counsel ay may responsibilidad na tulungan ang Claims Administrator sa pamamagitan ng pagmamasid at pangangasiwa ng pamamahala ng Settlement sa panahon ng Remediation Period. Karagdagan pang sumasang-ayon ang Defendant na, hangga’t inaprubahan ito ng Korte, ang Class Counsel ay maaaring magsumite ng mga aplikasyon sa Korte na siya ay bayaran ng halagang dalawampu’t-siyam na porsiyento (29%) para sa lahat ng panghinaharap na mga mababawi ng mga Class Member pagkatapos ng Pinakahuling Pag-apruba para sa: (i) Mga Field Work na claim; (ii) Mga Kinilalang Claim na Isinampa na claim; (iii) Mga Omnibus na claim; at (iv) lahat ng mga claim na binayaran may kaugnayan sa Settlement ng, o sa ngalan ng, Lungsod ng Los Angeles, kabilang na ang lahat ng mga kagawaran nito. Isusumite sa Korte ng Class Counsel ang mga aplikasyon tuwing ika-tatlong buwan para sa karagdagang mga singil ng abogado na ipagkaloob sa kanila. Sumang-ayon ang Defendant na hindi ito tututol sa mga ika-tatlong buwan na mga aplikasyon na ito.

Kahiwalay at bukod pa sa isinaalang-alang sa Settlement na isinalarawan sa Sagot sa Tanong 8 sa itaas, ang Defendant ay kahiwalay na magbabayad ng mga singil at mga gastos na ipagkaloob ng Korte, at kabilang na rin ang mga gastos upang makapagbigay ng Abiso sa Settlement Class at upang mapangasiwaan ang Settlement. Ang mga halagang ito ay hindi manggagaling sa mga pondo para sa benepisyo ng mga Miyembro ng Settlement Class.

PAGHANAP NG ISANG INDEPENDIYENTENG PAGSUSURI NG SPECIAL MASTER

13. Ano ang dapat kong gawin kung hindi ako sumasang-ayon sa halaga ng credit o ng refund na, ayon sa pagpapasiya, ay nararapat kong tanggapin?

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa credit o refund na ayon sa pagpapasiya ay nararapat ninyong tanggapin, maaari kayong humiling ng isang independiyenteng pagsusuri ng Special Master sa pamamagitan ng pagpapadala ng First Class na liham na:

(a) nagsasabing hindi kayo sumasang-ayon sa halaga ng credit o refund na ayon sa pagpapasiya ay nararapat ninyong tanggapin at ninanais ninyo na simulan ng Special Master ang pagsusuri;

(b) ipinaliliwanag ang (mga) dahilan kung bakit ninyo hindi kayo sumasang-ayon sa halaga ng credit o refund; at

(c) magsasama ng kopya ng lahat ng mga dokumentong inyong ginagamit upang tutulan ang halaga ng credit o refund.

Kinakailangan ninyong pirmahan at lagyan ng petsa ang inyong kahilingan para sa isang independiyenteng pagsusuri. Kinakailangang ipadala ang inyong kahilingan sa:

Tagapangasiwa ng Kasunduan sa
Claim Laban sa Pagsingil ng LADWP
P.O. Box 43449
Providence, Rhode Island 02940-3449

Kung hindi kayo magsusumite ng isang Claim Form, ang anumang kahilingan para sa isang Pagsusuri ng Special Master ay kinakailangang may tatak-kalakal sa loob ng 30 araw ng petsa ng liham mula sa LADWP na nagsasabi sa inyo ng halaga ng credit o ng refund na sa kanyang palagay ay nararapat ibigay sa inyo.

Kung kayo nga ay magsusumite ng isang Claim Form, ang anumang kahilingan para sa isang Pagsusuri ng Special Master ay kinakailangang may tatak-kalakal sa loob ng 30 araw ng petsa ng kasagutan ng LADWP tungkol sa kanyang desisyon sa inyong claim.

Sa alinmang kaso, kapag huli na ang pag-file para sa isang Pagsusuri ng Special Master, ito ay kusang magreresulta sa isang pagtanggap sa inyong kahilingan para sa isang review.

Ang sinumang Class Member na nagnanais na tumutol sa desisyon ng Special Master tungkol sa claim ng Class Member na iyon ay magsusumite ng isang liham sa Claims Administrator sa pamamagitan ng First Class na koreo sa loob ng 30 araw ng petsang nakalagay sa liham ng desisyon ng Special Master, humiling ng isang pagsusuri ng Korte, sabihin ang mga dahilan kung bakit hindi sumasang-ayon sa desisyon, at mag-sumite ng anumang mga kasulatan bilang suporta dito. Kinakailangang ipadala ang inyong kahilingan sa:

Tagapangasiwa ng Kasunduan sa
Claim Laban sa Pagsingil ng LADWP
P.O. Box 43449
Providence, Rhode Island 02940-3449

ANG PAG-ALIS NG INYONG SARILI SA SETTLEMENT

14. Ano ang dapat kong gawin kung ayaw kong maging kabilang sa Settlement?

Mayroon kayong karapatan na alisin ang inyong sarili o “mag-opt out” sa Settlement. Upang mag-opt out, kinakailangan ninyong magpadala ng isang kahilingan para mapaalis sa Claims Administrator sa sumusunod na address:

Tagapangasiwa ng Kasunduan sa
Claim Laban sa Pagsingil ng LADWP
P.O. Box 43449
Providence, Rhode Island 02940-3449

Kinakailangan ninyong personal na pirmahan ang kahilingan para mapaalis. Ang inyong kahilingan ay kinakailangang: (i) malinaw na ipinahihiwatig ang inyong pagnanais na hindi makasama o “ma-opt out” sa Settlement Class; (ii) isama ang inyong pangalan, address at numero ng telepono, ang numero ng account sa LADWP at, kung kinakatawan ng counsel, ang pangalan, address at numero ng telepono ng counsel.

Ang inyong kahilingan para hindi makasali ay kinakailangang ipadala sa address na binanggit sa itaas at kinakailangang may tatak-kalakal nang hindi lalagpas sa ika-5 ng Hunyo, 2017 o hindi ito tatanggapin. Kung hindi ninyo malinaw na hiniling na ayaw ninyong maging kabilang sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin na ito, kusa kayong magiging miyembro ng Settlement Class.

Kung nag-opt out kayo sa Settlement Class, hindi na kayo magiging kuwalipikado sa anumang mga benepisyo sa Settlement, at isinusuko ninyo ang lahat ng mga karapatan na tutulan ang settlement. Gayunpaman, mananatili sa inyo ang inyong karapatan na ma-idemanda ang LADWP sa pamamagitan ng pagsampa nito ng inyong sarili o kaya ay sa tulong ng counsel para sa mga claim na nalutas sa Settlement na ito. Karagdagan pa dito, kung nag-file kayo ng pagtutol sa Settlement, hindi na ninyo maaaring alisin ang inyong sarili sa Settlement Class.

15. Ano ang mangyayari kung hindi ako mag-opt out bago sumapit ang ika-5 ng Hunyo, 2017?

Kung ang iminumungkahing Settlement ay inaprubahan at bilang isang Miyembro ng Settlement Class ay hindi tama ang inyong pamamaraan at huli na ang inyong pag-alis ng inyong sarili sa Settlement Class, ang lahat ng mga claim na mayroon kayo ngayon laban sa Defendant na may kaugnayan sa mga ilang pagkakamali sa pagsingil o mga pinsalang may kaugnayan sa inyong pagsali sa solar incentive program ng LADWP ay **TATALIKDAN AT AALISIN**, at kayo ay hindi na pahihintulutang dalhin ang naturang mga claim na iyon para sa inyong sarili sa panghinaharap.

ANG PAGTUTOL SA SETTLEMENT

16. Papaano ko masasabihan ang Korte na hindi ako nasisiyahan sa Settlement?

Kung kayo ay isang Miyembro ng Settlement Class at hindi ninyo inalis ang inyong sarili sa Settlement, maaari ninyong ipahayag ang inyong pagtutol sa Settlement. Pakikinggan ng Korte ang inyong mga opinyon. Upang tumutol, kinakailangan ninyong magpadala ng liham sa Claims Administrator, at ito ay ibibigay sa Korte at sa counsel, na nagsasabing tumututol kayo sa mga tuntunin ng Settlement. Ang inyong pagtutol ay kinakailangang: (i) nagsasabi, sa detalye, ang legal at makatotohanang (mga) dahilan para sa inyong pagtutol; (ii) kabilang ang inyong pangalan, address at numero ng telepono at numero ng account sa LADWP, at, kung inirerepresenta kayo ng counsel, ang pangalan ng counsel, address at numero ng telepono; at (iii) pirmahan ninyo. Kung kayo ay inirerepresenta ng inyong sariling kahiwalay na counsel, kinakailangang i-file din ng abogado ng iyon ang kanyang planong pagdalo sa Korte nang hindi lalampas sa ika-5 ng Hunyo, 2017.

Upang tumutol, kinakailangan ninyong ihulog ang inyong pagtutol sa Claims Administrator, na may tatak-koreo nang hindi lalampas sa ika-5 ng Hunyo, 2017 sa:

Tagapangasiwa ng Kasunduan sa
Claim Laban sa Pagsingil ng LADWP
P.O. Box 43449
Providence, Rhode Island 02940-3449

Isama po lamang ang pananalitang “*Jones v. City of Los Angeles*, Case No. BC577267” sa sobrang kinalalamnan ng inyong pagtutol.

17. Kailan at saan magpapasiya ang Korte kung kanyang aaprubahan ang Settlement?

Gagawin ng Korte ang Hearing para sa Pinakahuling Pag-apruba sa harapan ni Honorable Elihu M. Berle sa 9:00 n.u. sa ika-7 ng Hulyo, 2017 sa Department 323 ng Superior Court of California, County of Los Angeles, Central District, Central Civil West, 600 South Commonwealth Avenue, Los Angeles, California, 90005. Sa hearing na ito, titingnan ng Korte kung ang Settlement ay makatarungan, makatuwiran, at sapat. Kung mayroong mga pagtutol, titingnan ang mga ito ng Korte. Maaari ding magpasiya ang Korte kung magkaano ang dapat ibayad sa Class Counsel. Pagkatapos ng hearing, magpapasiya ang Korte kung bibigyan nito ng Pinakahuling Pag-apruba ang Settlement. Hindi namin alam kung gaano katagal aabutin ang mga pagpapasiya na ito.

18. Kinakailangan ko bang dumalo sa hearing?

Hindi. Sasagutin ng Class Counsel ang anumang mga katanungan ni Judge Berle, kung mayroon man. Gayunpaman, maaari rin kayong dumalo doon sa inyong sariling gastos. Maaari rin kayong magbayad ng inyong sariling abogado upang dumalo para sa inyo sa Hearing para sa Pinakahuling Pag-apruba. Kung nag-file kayo ng isang pagtutol, hindi ninyo kinakailangang pumunta sa Korte upang talakayin ito. Basta hangga’t ang inyong nakasulat na pagtutol ay natanggap bago sumapit ang taning na araw, at inyong sinundan ang mga tagubiling nilalaman sa Sagot sa Tanong 16 na nasa itaas, titingnan ng Korte ang impormasyong nakalagay sa inyong nakasulat na pagtutol.

19. Maaari ba akong magsalita sa hearing?

Si Judge Berle ang magdedesiyon kung maaari o hindi. Maaari kayong humiling sa Korte ng pahintulot para makapagsalita sa Hearing para sa Pinakahuling Pag-apruba. Upang magawa ito, kinakailangan ninyong magpadala ng isang liham na nagsasabing ito ang inyong “Notice of Intention to Appear in *Jones v. City of Los Angeles*, Case No. BC577267” (Paunawa ng Balak na Pagdalo sa *Jones v. City of Los Angeles*, Numero ng Kaso BC577267). Kinakailangan ninyong isama ang inyong pangalan, address, numero ng telepono at numero ng account sa LADWP, at kabilang na rin ang pangalan, address at numero ng telepono ng alinmang abogado na dadalo para sa inyo sa Pinakahuling Pag-apruba na Hearing.

Ang inyong Paunawa ng Balak na Pagdalo ay kinakailangang naka-file sa Clerk of the Court sa address na nakalista sa Sagot sa Tanong 17 sa itaas nang hindi lalagpas sa ika-5 ng Hunyo, 2017. Isama po lamang ang pananalitang “*Jones v. City of Los Angeles*, Case No. BC577267” sa ilalim ng address ng Korte sa sobrang kinalalamnan ng inyong abiso.

20. Papaano ako makakakuha ng karagdagan pang impormasyon?

Kung palagay ninyo na kayo ay maaring isang Miyembro ng Settlement Class at nais ninyong makatanggap ng karagdagan pang impormasyon tungkol sa kaso o sa mga tuntunin ng iminumungkahing Settlement, maaari ninyong suriin ang mga pormal na pagpapahayag, mga talaan at iba pang mga papeles na naka-file sa kaso, kabilang na ang Court Order na nagkaloob ng Pangunang Pag-apruba at ang iminumungkahing Kasunduan sa Settlement, na maaaring siyasatin tuwing Lunes hanggang Biyernes sa normal na oras ng negosyo sa Clerk’s Office ng Superior Court of California, County of Los Angeles, Central District, Central Civil West, 600 South Commonwealth Avenue, Los Angeles, California, 90005. Ang Pangunahing Pag-apruba na Kautusan at ang Kasunduan sa Settlement ay matatagpuan din sa www.ladwpbillingsettlement.com. Para sa karagdagan pang impormasyon sa anumang mga bagay na nasa Paunawa, bisitahin ang settlement website sa www.ladwpbillingsettlement.com, tumawag sa 1-844-899-6219 para humingi ng tulong o kaya ay maaari ninyong sulatan ang Class Counsel:

Jack Landskroner, Esq.
LANDSKRONER, GRIECO MERRIMAN LLC
1360 W 9th Street, Ste. 200
Cleveland, OH 44113

HUWAG PONG DIREKTANG KAKAUSAPIN ANG KORTE NG INYONG MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA SETTLEMENT.